# THE 30TH CHIEF, PNP

## PGEN ROMMEL FRANCISCO D MARBIL




SA BAGONG PILIPINAS.
ANG GUSTO NG PULIS,
LIGTAS KA!

## I-REPORT ANG KRIMEN

Pag may nakita, magsumbong maging mapagmasid sa mga kahina-hinalang tao at bagay.

**SOUTHERN POLICE DISTRICT**
- (02) 8567-4595
- 0998-598-7920 (SMART)
- 0908-377-0025 (SMART)
- 0915-919-1361 (GLOBE)

**MAKATI CPS**
- 8887-6642
- 0929-793-6525

**TAGUIG CPS**
- 8642-3582
- 0998-598-7932

**PATEROS MPS**
- 8875-8596
- 0998-598-7934

**PARAÑAQUE CPS**
- 0956-346-7827
- 0998-598-7926

**MUNTINLUPA CPS**
- 8862-2611
- 0908-377-0084

**LAS PIÑAS CPS**
- 8808-7395
- 0998-598-7928

**PASAY CPS**
- 8831-1544
- 0956-800-5277

Philippine National Police
Southern Police District
Lawton Ave., Fort Bonifacio, Taguig City

# MGA TIPS PARA MAIWASAN ANG KRIMEN



# MODUS OPERANDI

## LAGLAG BARYA



Ang paglaglag ng barya ang kanilang taktika upang makuha ang atensyon ng biktima. Habang nakatuon ang atensyon sa nahulog na barya, sasamantalahin nila ang pagkakataon upang duang anumang mahalagang gamit.

## TUTOK KALAWIT O ESTRIBO GANG

Pansamantalang tatabihan ka ng mga ito at sabay tututukan ng kutsilyo o anumang matutulis na bagay. Isinsagawa nila ito upang hindi maagaw ang atensyon ng publiko at hindi mahalata ang kanilang pambibiktima.



## LASLAS



Gumagamit ng blade o ano pang matutulis na bagay ang grupong ito sa paglaslas ng gamit. Sa simula ay aagawin ang inyong atensyon habang may kasabwat namang aagaw ng inyong atensyon. Madalas ang inyong bag o bulsa ang madalas nilang nilalaslas.

## PITAS GANG

Habang kampante ang bibiktimahin, agad na sasamantalahin ng grupong ito ang pagkakataon upang agawin o hugutin ang inyong alahas o iba pang mahahalagang gamit.



## PASA BILIS



Sa pagsasagawa ng kanilang modus operandi, kinukuha ng mga nambibiktima ang inyong atensyon at sabay kukunin ang inyong gamit ng hindi napapansin at ito'y pagpapasa-pasahan ng grupo upang hindi sila agarang mahalata.



# PAGPROTEKTA NG PAMILYA AT KABAHAYAN

1. Ugaliing ipaalam sa kapamilya kung saan pupunta.



2. Huwag basta-basta makipag-usap sa mga di-kakilala.



3. Iwasang magbigay ng anumang impormasyon sa kausap sa telepono. Kunin ang pangalan ng kausap at tandaan ang anumang ingay na naririnig.



4. I-report agad ang anumang kahinahinalang tao o mga sasakyan sa inyong lugar.



5. Maging mapagmasid sa mga umaaligid sa inyong tirahan.



6. Maglagay ng mga kurtina sa bahay upang makaiwas-pansin.



7. I-tsek ang lahat ng *electrical appliances* bago umalis ng bahay upang makaiwas sa sunog.



8. Kung matagal kayong mawawala, ipagbilin sa kapitbahay o di kaya'y paki-usapan ang kamag-anak o kaibigan na bantayan muna ang inyong bahay.

